# Isang Pindot sa Kamalayan

*Click. Click. Click.* Sino nga ba ang mag-aakala na sa isang pindot lang ng hintuturo sa mga makabagong makinarya, abot-kamay na ang lahat ng kasagutan sa isang takdang aralin? Sa isang pindot lang, lahat ng impormasyon tungkol sa iba't-ibang asignatura, mga plataporma sa politika, mga maiinit na balitang artista at lahat ng pwedeng malaman tungkol sa kung anu-anong bagay. Maging ang pinakatatagong lihim ng nakatabi mo sa sakayan ng dyip habang papunta ka sa dapat mong puntahan ay maaari mong malaman sa isang pindot lang. Malay natin, sa isang pindot lang, baka nakita na ng buong mundo ang litrato mong palihim na kinunan ng iyong mga kaibigan habang ikaw ay nakanganga at natutulog ng mahimbing.

Lahat ng iyan ay hatid ng makabagong teknolohiya. Lahat ng kaginhawaang tinatamasa ngayon ng mga mag-aaral na katulad ko pagdating sa mga madudugo at bulto-bultong pananaliksik. Lahat ng mga pampalipas-oras ng mga bagot na sa pag-upo sa kanilang opisina at pakikinig sa mga paulit-ulit na sinesermuman ng kanyang nakatataas sa kanya. Lahat ng pwedeng pagkaabalahan ng mga taong nakatunganga at walang magawa sa kani-kanilang bahay. Lahat na ng bagay ay maaari na nating iasa sa isang alternatibong mundong buhat sa pinagtagpi-tagping bahagi ng pag-iisip at buhay ng bawat tao sa mundo—magmula sa mga teorya tungkol sa pinagmulan ng tao hanggang sa mga katanungan tungkol sa paggunaw ng mundo. Sa isang pindot lang at nasa ibang mundo na tayo, ang mundong ginawa natin na kung tawagin ay *Internet*.

Sa bawat araw na nagdaraan, patuloy na lumalaki ang bagong mundong gawa ng mga tao. Araw-araw, dumarami ang impormasyong nagbibigay ng kasiyahan sa

kulukuti ng tao at patuloy na nagbibigay ng daan sa mga bago at mas komplikadong katanungan. Unti-unti nating pinupuno ng ating mga ideya, pangarap, kuro-kuro at kung anumang pumasok sa ating isip ang mundong ito. Bilang kapalit sa pagbabahagi ng ating mga nalalaman, tahasan din nating sinisingil ito sa pamamagitan ng paghiram, o pagnakaw, at pagsasabuhay ng mga ibinahagi ng ibang tao. At kung biglang gumana ang ating utak, lalo nating dadagdagan at paghuhusayan ang mga kontribusyong ating ginawa at ang mga kontribusyong ginawa ng ibang tao. Sa bawat paglubog at pagsikat ng araw, lalong napaglilinang ng mga bagong ideya ang Internet.

Kung titingnan natin sa ganintong pananaw ang Internet, masasabi natin na isa ito sa mga napakahusay ng ginawa ng tao. Bukod sa pinapadali nito ang lahat ng bagay, sabi nga ng iba, “Kumpletos rekados.” Tama, dahil sa sinasabi nating pagkakumpleto nito, hindi mo na kinakailangang lumabas ng bahay at pasukin ang isang masukal na silid-aklatan upang magbasa at maghanap ng impormasyon. Hindi mo na rin kinakailangan lusungin ang maalinsangang araw upang makapamili ka ng iyong mga kinakailangan. Dahil sa Internet, hindi mo na rin kailangang gumawa at magpadala ng napakahahabang liham para sa mga kaibigan mong nasa malalayong lugar. Kung gusto mo namang makakilala ng ibang tao, hindi mo na kinakailangang lumabas at makipagkamay sa mga estranghero. Lalong hindi mo na kailangang magpawis at magbabad sa araw kung gusto mong maglaro at maglibang kasama ng iyong mga kaibigan. Konting pindot lang at pwede mo nang gawin ang lahat. Pero kung titingnan naman natin sa kabilang banda, lahat ng ito ay balewala at wala pa sa kalingkingan ng ng pwede nating magawa sa tunay na mundong ating ginagalawan.

Bilang isang tao ng parating gumagamit ng Internet, aking nalaman na hindi sa lahat ng pagkakataon ay pwede kong makilala ang nais kong makilala, makita ang nais kong makita at malaman ang nais kong malaman. Hindi ako kailanman makukuntento sa mga ibinabahagi nito sa akin. Kulang na kulang ang mga aral na aking napupulot. Kaya sa paglaon ng panahon, namulat ang aking kamalayan nang dahil sa isang napakahalagang aral. Ang pinakamahalagang aral na natutunan ko mula sa Internet ay hindi matatagpuan sa Internet ang lahat ng mga kasagutan at aral na may tunay na kabuluhan sa ating buhay. Mas mainam na hanapin ang mga kasagutan at aral na ito mula sa personal na pakikisalamuha sa ibang tao, sa sariling pagtuklas mula sa mga maaaring pagkunan ng kaalaman at kasanayan maliban sa Internet, at sa pagmamasid sa tunay na sitwasyon ng ating lipunan at pakikialam dito kaysa iasa lahat sa Internet. Bakit? Dahil sa aral na ito, natutunan ko ang kahalagahan ng mismong pagharap sa lipunan upang makipagpalitan ng ideya, ng masigasig na paghahanap ng kaalaman sa mga bahay at lugar na hindi inaasahang magtataglay ng mayabong na karunungan, at ng pakikialam sa mga bagay na talagang may kinalaman sa atin.

Sa ating pakikisalamuha sa ibang tao sa pamamagitan ng Yahoo! Messenger, Facebook, Twitter at iba pang mga *social networking sites* na makikita sa Internet, nawawala sa isipan natin mga Pilipino, ang kahalagahan ng presensya ng isang tao, lalung-lalo na sa mga panahong labis ang pagbugso ng damdamin. Masasabi nga natin na parang nandito lang sila pero hindi sapat iyon upang ibsan ang kung anumang sakit na dulot ng isang problema o ibahagi ang galak sa pagkamit ng isang bagay. Kailanman, hindi matutumbasan ng mga pakulo ng sari-saring *social networking sites* ang pakiramdam kapag kaharap na mismo ang taong nais mong, makausap at

makasama. Kailanman, hindi masasabi na ikaw ay nandiyan lang para sa isang tao lalo na kung libo-libong milya ang naghihiwalay sa inyo. Kailanman, hinding-hindi natin masasabing kilala mo na ang isang tao hanggang hindi mo kayo mismo nagkaharap at kinilala ang isa't-isa. Kahit ipagpilitan mong totoo, walang nakakasiguro kung tapat ang lahat ng mga salitang nangagaling sa iyo kung ipararating mo ito sa pamamagitan ng Internet.

Sa isang mundong tumatakbong mabilis, lahat tayo ay nais ding mapadali ang lahat ng bagay. Nakaliligtaan natin ang lahat ng mga alkat, pahayagan, magasin at mga litratong inilimbag upang ating gamitin ng mga naghahanap ng karunungan, lalong-lalo na ang mga kabataan na hindi tumitigil hanggang hindi nakikita ang katotohanan. Hinahayaan na lang ang mga ito na takluban ng mga alikabok at pagpiyestahan ng mga anay sa mga silid-aklatang tila isang siglo na ang nakararaan nang ang mga ito ay bisitahin ng mga kabataang sabik sa pagtuklas. Nakalulungkot na iniaasa na lang natin sa teknolohiya ang paghahanap at pagtuklas. Payamot na lang nating hinihintay na lumabas sa loob nang ilang segundo ang ating sinasaliksik kaysa masigasig na binabasa ang bawat pahina ng isang aklat upang makahanap ng may-kaugnayan sa ating hinahanap sa loob ng isa o higit pang mga araw. Dumadalas na rin ang ating panininisi sa teknolohiyang nabuo lamang upang mapadali ang ating buhay kapag hindi natin mahanap ang dapat na mahanap kaysa gumawa ng paraan upang matapos ng maayos ang isang gawain. Aminin na natin. Nababawasan na ang ating pasensya at pagiging maparaan dahil sa ating walang maliw na pagsandal sa teknolohiyang ito.

Sa patuloy na paggamit ng Internet upang pagkaabalahan ng panahon ang bagay na wala naman talagang katuturuan at maitutulong sa ating buhay, hindi na natin

nakikita ang mga bagay na talagang may saysay. Nabubulagan na tayo sa mga balita at artikulong ang nais lang ay ialis ang ating mga isipan sa totoong mundo, sa tunay na sitwasyon ng ating bayan at mundo. Iilan ba sa atin ang nais talagang matuto upang isang araw ay masabi niyang handang-handa na siya upang tanggapin ang hamon ng buhay? Kung nais mo talagang matuto, hindi mo dapat isugal sa Internet ang iyong panahon upang malaman lang ang mga sagot sa mga katanungang nagsisimula sa sino, kailan at saan. Mas kinakailangang sagutin ang mga tanong na may bakit, paano at ano. Ang pagmamasid at pakikialam mismo sa mga suliranin ng lipunan lamang ang makasasagot sa mga tanong na iyon. Ang lipunan at ang kakabit nitong mga problema't solusyon lang ang makakapagturo sa iyo ng kung ano ang mas nararapat na gawin sa tamang panahon.

Marahil, ginawa ang Internet upang mapagaan ang pasaning dinulot ng pagnanais na malaman ang lahat. Subalit hindi sapat na pindutin lang ang kung anumang resulta na lumabas sa ginagamit na *search engine* at basahin o panoorin lamang ang mga ito. Kinakailangan na pumindot din tayo sa ating kamalayan at buksan ang ating mga mata upang makita nating maiigi kung ano ang mas mahalaga at mas tama, sa paraang hindi nating iniaasa lahat sa agham at teknolohiya. Kapag nakita at naintindihan na natin ang tunay na kasagutan pagkatapos ng mga paghihirap sa paraang tayo mismo ang gumawa, doon pa lang natin masasabi na natuto tayo at kuntentong ipagpatuloy ang buhay.